TALA NG EDITOR

# Filipino bilang disiplina

ROMMEL B. RODRIGUEZ, PhD
Punong Editor

*Nagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman. Bukod sa pagiging guro, isa rin siyang malikhaing manunulat na nagkamit na ng iba't ibang gawad pampanitikan tulad ng Palanca. Awtor siya ng librong Lagalag ng Paglaya (UP Press 2011) at Mga Apoy sa Ilaya (UP Press 2018). Kasamang editor din siya ng mga antolohiyang Kathang-Isip: Mga Kuwentong Fantastiko (Ateneo de Manila University Press, 2011) at Transfiksyon: Mga Kathang In-transit (UP Press, 2014). Naging Visiting Professor siya sa University of Shizuoka, Japan noong 2014. Aktibo siyang mananaliksik ng kasaysayan at kulturang Filipino at naging direktor ng Sentro ng Wikang Filipino sa UP Diliman (2015-2019).*

Ang Unibersidad ng Pilipinas ay kasalukuyang nasa serye ng mga pagbabagong kurikular sa mga akademikong kurso at programa. Sa ngayon, dumaraan sa proseso ng pagrerebyu at pagtatasa ang mga mungkahing bagong kurso at programa na ipatutupad sa mga susunod na akademikong taon. Bukod dito, ang mga kursong iniaalok naman bilang bahagi ng *General Education Program* (GEP) ng UP ay nirerebisa upang tumugon sa kahilingan sa estruktura ng *Outcomes Based Education* (OBE). Sa pagdaan nito sa iba't ibang antas ng pagtatasa sa Unibersidad, nagiging bukas ito sa mga mungkahing pagbabago, komento, at rekomendasyon ng mga guro mula sa iba't ibang disiplina bago tuluyang ipatupad. Samantala, habang nagaganap ang mga pagbabagong kurikular, kasalukuyan ding ipinatutupad ng Unibersidad ang pagtugon sa *Self Assessment Report* (SAR) at *Sustained Academic Excellence* (SAE). Ito'y mga paraan na marapat gawin ng mga akademikong institusyon na may mga akademikong programang tatasahin upang mabatid ang mga kalakasan at kahinaan ng programa. Bagaman may nagkakatunggaling mga pananaw at opinyon ang mga akademiko sa mga nangyayaring pagbabago at proseso ng pagtatasa, ipinatutupad ito ng Unibersidad bilang pagtugon na rin sa kahingian ng mga institusyong pang-edukasyon ng bansa, partikular ng *Commission on Higher Education* (CHED).

Nasa ganitong konteksto ngayon ang Filipino hindi lamang bilang kurso at programa kundi bilang disiplina. Nasa yugto ng pagbabago ang mga kurso at mga akademikong disiplina, kabilang ang mga kurso at programa sa Filipino upang tumugon sa mga pagbabago

sa sistema ng edukasyon, sa loob at labas ng bansa. Sa pamamagitan ng pagbalik sa mga tiyak na dokumento at mga tala, mga aral, at pagsagot sa mga espesipikong tanong na sinasagutan sa ipinamahaging pormularyo, ang mga ito ang magiging batayan kung sa paanong paraan titingnan ang pagiging epektibo o hindi epektibo ng mga programa at kurso sa Filipino. Inaasahan na makatutulong ang pagtatasa na ito sa higit na pagpapatatag ng mga akademikong disiplina sa Filipino, Panitikan, Malikhaing Pagsulat, at Araling Pilipino (Philippine Studies). Sa kabilang banda, hindi rin maiwasan na magkaroon ng pangamba na maaari ding maging dahilan ang resulta ng pagtatasa para tuluyang malusaw ang isang akademikong kurso, programa, o mas malala, ang isang akademikong institusyon na hindi makapapasa sa mga itinakdang pamantayan ng parametrong ginamit sa pagtatasa. Nakasalalay ang resulta ng rebyu at pagtatasa sa mga usaping may kinalaman sa *student enrollment, student mobility, learning outcomes, teaching effectiveness,* at iba pang mga kagyat na aspekto.

Ang pagrebyu at pagbabagong kurikular ay marapat naman talagang gawing regular. Ang GEP sa U.P. ay regular na dumaraan sa mga rebyu at pagbabago. Nabago na, halimbawa ang bilang ng mga required units at mga bagong likhang kurso na maaaring kuhanin ng mga mag-aaral. Kung dati-rati'y pare-pareho ang bilang ng mga yunit ng mga mag-aaral na kukunin sa GEP, ngayon ay nagkakaiba-iba na ito, depende sa nabuong programa ng mga disiplina at kolehiyo. Noong dekada nobenta, required ang mga kurso sa Komunikasyon at Humanidades, subalit nasa mag-aaral kung nais niya itong kuhanin sa Ingles o Filipino. Maaari ding nakadepende ito sa kaniyang kurso. Ang mahalaga, kinikilala noon ang malaking ambag ng wika, sining at humanidades bilang mga makabuluhang disiplinang bumubuo at bahagi ng liberal na edukasyong iniaalok ng U.P. Totoo ngang walang permanenteng bagay sa mundo, kundi pagbabago. Subalit sa puntong ito, marapat ding itanong, para kanino ba tayo nagbabago ng mga programa? Kaninong batayan ang ating ginagamit sa parametro ng pagtatasa at pagrebyu ng mga programa? Tunay na mahaba at masalimuot ang usaping ito at hindi sapat ang isang panimulang tala para sa isyung ito ng Daluyan upang mahimay natin ito nang lubusan. Maaari nating balikan ang binanggit ni Terry Eagleton sa kaniyang artikulong "*Death of the Universities*," hinggil sa konsepto ng pagbabago na marapat yakapin ng mga Unibersidad. Sang-ayon sa kaniya, ang pagbabagong marapat sundan ng mga Unibersidad ay hindi lamang hinggil sa usapin ng pinansiyal na aspekto (o sa konteksto ng sunod-sunod na proseso ng pagtatasa, ang usapin ng akreditasyon at pagpopondo):

> "We will change it by insisting that a critical reflection on human values and principles should be central to everything that goes on in universities, not just to the study of Rembrandt or Rimbaud." (Eagleton, 2010)

Para kay Eagleton, mahalagang nakatuon sa aspekto ng kritikal na repleksiyon sa halagahin at prinsipyong nabubuo sa kamalayan ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng mga pagbabagong kurikular. Subalit sa kasamaang palad, tila hindi ito ang nangyayari. Malinaw na ang mga pagbabagong kurikular ay nakaangkla sa pandaigdigang merkado bunsod ng globalisasyon upang matugunan halimbawa ang pangangailangan sa lakas-paggawa. Nito lamang nakaraang mga taon, ang programang K-12 na ipinatupad naman ng Kagawaran ng Edukasyon ay nagkaroon ng malaking epekto sa kinahantungan ng

Filipino sa kolehiyo. Ngayon, hindi na rin naman maitatanggi ang panawagan, kapwa ng mga guro at mag-aaral na irebyu na rin ang naging katuturan ng programang K-12 upang mabatid kung nakamit ba nito ang inisyal na layuning makalikha ng mga mag-aaral na handa nang sumabak sa lakas paggawa matapos ang 12 na taon ng pag-aaral sa primarya at sekundaryang antas. Dama rin natin ang naging impak nito sa trajektori ng mga kurso sa mga Unibersidad at kolehiyo sa bansa. Sa kasalukuyan, ipinatutupad ng mga Unibersidad at kolehiyo sa bansa ang pagtanggal sa mga kurso sa Filipino at Panitikan, batay na rin sa tuntunin ng CHED Memo Number 20, series of 2013. Hindi lamang ang pagkalusaw ng Filipino bilang kurso sa kolehiyo ang nawala, kundi maging ang mga guro ng Filipino ay natanggal sa trabaho kundiman ay nailagak sa pagtuturo sa sekundaryang antas, o napunta sa pagtuturo ng mga kurso at asignaturang hindi nila kinabibilangan na disiplina subalit itinuturo sa Filipino.

Kung tatasahin man ang Filipino, bilang kurso, programa at disiplina, mahalagang maisakonteksto ito sa kasaysayan at kaligirang kinairalan nito. Ang paglunsad ng mga mga kurso at programa sa Filipino ay resulta rin naman ng paglunsad at pagsulong ng mga pananaliksik at araling may kinalaman sa ating lipunan at kultura. Nabuo ang Filipino bilang akademikong programa upang tumugon sa pagtunggali sa kolonyal na sistema ng edukasyon noon at sa banta naman ng globalisasyon sa kasalukuyan. Kaya ang pag-aaral at pagsasagawa ng mga pananaliksik sa Filipino ay hindi lamang simpleng usapin ng paggamit ng wika o tungkol sa grammar. Kundi higit pa, ito'y pag-angkin ng kaalamang nakaugat sa ating danas at diwa bilang bansa at lahi. Ang pagsulat ng pananaliksik sa sariling wika ay may layuning maabot ang higit na nakararami at maipasa ang mga kaalamang kapaki-pakinabang sa mamamayan. Sa ganitong lunan ko nais nating sipatin ang mga pag-aaral na bahagi ng mga nakaraang isyu ng Daluyan hanggang sa kasalukuyan. Sa pamamagitan ng tulong ng dalawang inimbitahang editor na mula sa mga disiplina ng wika at linggwistiks, nabuo ang pinakabagong isyu ng Daluyan na may iisang layunin: ang patuloy na magsaliksik gamit ang Filipino upang maging lunsaran sa paghango ng mga kaalamang magpapatingkad sa Filipino bilang disiplina. Malaki ang ambag ng mga ito at marapat ding ilangkap sa pagsasagawa ng pagtatasa sa Filipino upang makita ang Filipino lampas sa konsepto ng 'halaga,' kundi sa aspekto ng praktikal na gamit ng Filipino sa panunuri, pagbuo ng kaalaman at pagbalangkas ng mga teorya.

**SANGGUNIAN:**

https://www.theguardian.com/commentisfree/2010/dec/17/death-universities-malaise-tuition-fees, inakses noong Oktubre 30, 2019.

CHED Memo Number 20, series of 2013.